

Isang praktikal na gabay para sa lipunang sibil

# ESPASYO NG LIPUNANG SIBIL AT ANG SISTEMA NG KARAPATANG PANTAO NG UNITED NATIONS

UNITED NATIONS

UNITED NATIONS
HUMAN RIGHTS
OFFICE OF THE HIGH COMMISSIONER

# Mga Nilalaman

1. Tungkol sa Gabay ........................................................................ 1

2. Ang mga kasapi ng lipunang sibil at espasyo ng lipunang sibil ........ 3
   2.1 Ang Sistema ng karapatang pantao ng UN – Sa isang sulyap .... 5

3. Kundisyon para sa indipendiyenteng paggawa ng lipunang sibil ...... 7
   3.1 Nakakahikayat na politikal at pampublikong kapaligiran .......... 7
   3.2 Sumusuportang pamantayan sa kapaligiran ............................. 8
   3.3 Malayang daloy ng impormasyon ............................................ 9
   3.4 Matagalang mapagkukunan at suporta ................................... 9
   3.5 Nagbibigayang espasyo para sa pag-uusap at pagtutulungan ... 9

4. Mga hamong hinaharap ng mga kasapi ng lipunang sibil .............. 15
   4.1 Mga batas at patakarang sumasagka sa nagtatrabahong lipunang sibil ........................................................................ 15
   4.2 Walang pagsasaalang-alang na mga pamantayan ................. 16
   4.3 Mga lampas sa legal na panggigipit, intimidasyon at paghihiganti ........................................................................ 17

5. Ano ang aking magagawa? Lumapit sa UN................................. 23

6. Documentary resources ............................................................ 31

7. Makipag-ugnayan sa amin ........................................................ 33

*Ang diterminasyon at integridad ng mga kasapi ng lipunang sibil ay nagbibigay sa akin, at maaaring sa inyo rin, ng pansariling pagkapahiya, damdamin sa malaki at malakas na pagkukulang, at ang hangarin na magpatuloy na magtrabaho para sa pantay at hindi nandarayuhang dignidad at karapatan ng bawat isang nilalang.*

Zeid Ra'ad Al-Hussein,
United Nations High Commissioner for Human Rights,
October 2014



# 1. Tungkol sa Gabay

Ang kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon at mapayapang asembliya, at ang karapatan na lumahok sa pampublikong pag-uusap, ay mga karapatang pantao na binibigyan ng pagkakataon ang lahat na ibahagi ang kanilang ideya, bumuo ng bago pang idea, at magsama-sama upang hingin ang kanilang karapatan. Sa pamamagitan ng pag-iral ng mga karapatang ito makakagawa ng napaghusay na mga desisyon tungkol sa ekonomiya at kaunlarang sosyal. Sa pamamagitan lamang ng mga karapatang ito maaaring makibahagi sa mga pang-sibikong aktibidades at makapagtayo ng demokratikong lipunan.

Ito ang ika-6 sa serye ng Office of the High Commissioner for Human Rights (OHCHR) tungkol sa mga praktikal na gabay para sa lipunang sibil, na dapat tingnan sa konteksto ng "Pagpapalawak sa demokratikong espasyo", isa sa mga napapanahong tematikong gampanin na may prioridad sa OHCHR.

Binibigyang-diin sa gabay na ito ang mga usapin na may kaugnayan sa mga trabaho ng lipunang sibil (CSAs). Nagsisimula ang gabay sa kahulugan ng salitang "lipunang sibil' at 'espasyo para sa lipunang sibil'. Kasunod na ang paglilinaw sa mga kondisyon at kapaligirang kailangan para sa malaya at indipendiyenteng lipunang sibil, kabilang ang may kaugnayan sa pamantayan ng pandaigdig na karapatang pantao para sa kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon, at payapang asembliya, at ang karapatan na lumahok sa mga pampublikong gampanin.

Ang Gabay na ito ay nagbibigay-halimbawa kung paanong ang gobyerno at CSAs ay magkatulong na nagtatrabaho upang maisulong ang karapatang pantao (sibil, kultural, pangkabuhayan, pampolitika, at sosyal) para sa lahat. Ang mga sagka at limitasyon sa trabaho ng lipunang sibil ay malalaman, kabilang ang panggugulo, intimidasyon, at paghihiganti laban sa CSAs. Inaanyayahan ng Gabay ang CSAs na gamitin ang sistema ng karapatang pantao ng United Nations (UN) upang isulong at protektahan ang espasyo ng lipunang sibil mula sa antas ng lokalidad. Ang pagkukunan at mga detalye ay matutunghayan sa huling bahagi ng Gabay.

Pangunahing nilalayon ng Gabay na matulungan ang CSAs na hindi pa gaanong pamilyar sa sistema ng karapatang pantao ng UN. Ang katuturan nito ay pinayaman ng mga naiambag at payo ng iba't ibang CSAs.

# 2. Ang mga kasapi ng lipunang sibil at ang espayo para sa lipunang sibil

*"Kung ang mga pinuno ay hindi makikinig sa kanilang mamamayan, sila ang makakarinig – sa mga kalsada, sa plaza, o, sa madalas nakikita sa mga labanan. Mayroong higit na mabuting paraan. Mas maraming makikilahok. Mas umiiral ang demokrasya. Mas higit ang ugnayan at kaisipang-bukas. Nangangahulugan ito ng ganap na espasyo para sa lipunang sibil."*

Pahayag ni UN Secretary General Ban Ki-moon,
High-level event on supporting civil society, Setyembre 23, 2013

Nililinaw sa Gabay na ito na ang CSA ay ang mga tao o grupo ng mga tao na kusang lumalahok sa pamamagitan ng partisipasyon at pagkilos para sa kabutihang panlahat, mga layunin at pagpapahalaga na angkop sa layunin ng UN: pagpapanatili ng kapayapaan at seguridad, kaunlaran, at promosyon ng paggalang sa karapatang pantao.

Ang paglilingkod ng UN upang iangat ang buhay ng mga tao ay nag-ugat sa respeto sa karapatang pantao. Lubos man o may pagkukulang pa ang paglilingkod ng UN, napakalinaw pa rin ang layunin na isulong ang respeto sa karapatang pantao.

Isinisulong ng CSA ang kamalayan ng tao sa kanilang mga karapatan, inaalalayan ang komunidad na isatinig ang mga hinaing, magbigay ng mga istratehiya, maimpluwensiyahan ang mga polisiya at batas para sa kapakanan ng madla na may kakambal na responsibilidad at pananagutan. Tinitipon ng CSA ang pananaw ng komunidad upang ang mga isinasagawang desisyon ay lubos na may laman. Gumaganap sa tungkulin ang CSA para sa kapakanan ng mga taong nasa panganib o nasa harap ng iba't ibang pagbabanta.

"**Lahat** ay may karapatan, **nag-iisa man o kasama ng marami**, na magsikap at isulong ang karapatang pantao at mga kalayaan sa pambansa at pandaigdig na antas." (article 1, binigyang-diin ang ilang salita).

Pandaigdig na Deklarasyon ng Karapatan at Responsibilidad, ng bawat tao, Grupo man o Kasangkapan ng Lipunan sa Pagsusulong at Pangalaga ng Karapatang Pantao at mga Pundamental na Kalayaan. (General Assembly Resoluion 53/144), na kadalasan nang tinatawag na Deklarasyon ng mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao.)

Halimbawa, ang mga kasapi ng lipunang sibil ay ang mga sumusunod:[1]

- Mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, kabilang ang mga aktibista sa on-line o social media;
- Organisasyon para sa mga karapatang pantao (NGOs, asosasyon, grupong sumusuporta sa mga biktima);
- Mga koalisyon o networks (karapatan ng mga kababaihan, karapatan ng mga bata, usaping pangkalikasan, LGBT at iba pa.);
- Mga taong may kapansanan at grupong sumusuporta sa kanila;
- Mga grupong nakabase sa mga komunidad (katutubo, minoridad, komunidad sa malayong lugar);
- Mga grupong nakabase sa paniniwalang pang-pananampalataya (simbahan, sekta ng mga relihiyon, espirituwal na grupo);
- Mga union (samahan ng mga mangagawa, mga peryodista, mga huwes at abogado, mga mahistrado at samahan nila, union ng mga mag-aaral);
- Mga panlipunang kilusan (kilusan sa kapayapaan, kilusan ng mga mag-aaral, kilusan para sa demokrasya);
- Mga propesyunal na direktang sumusuporta para sa karapatang pantao (manggagawa para sa tao, abogado, doctor at mga manggagawa para sa kalusugan);
- Mga kaanak at asosayon ng mga biktima ng pag-abuso sa karapatang pantao; at
- Mga institusyong pampubliko na naglalayong isulong ang karapatang pantao (mga paaralan, pamantasan, grupo ng mga mananaliksik).

Ang mga kasapi ng lipunang sibil ay aktibo sa paglutas ng mga problema at nakatutok sa mga usaping mahalaga sa lipunan, gaya ng mga sumusunod:

- Paglaban sa kahirapan, katiwalian at hindi pagkakapantay-pantay sa kalagayang pang-kabuhayan;
- Pagtugon sa mga usaping pantao, kabilang ang armadong tunggalian;
- Pagsusulong ng bisa ng batas at ng pananagutan;
- Pagusulong ng kalayaan ng publiko;

---

[1] *Working with the United Nations Human Rights Programme, A Handbook for Civil Society*, OHCHR, 2008, p. vii.

- Pagsasapubliko ng paggugol ng kayamanan ng bayan;
- Pangangalaga sa kalikasan;
- Pagpapatutoo sa karapatan sa pag-unlad;
- Pagbibigay-kapangyarihan sa minoridad at mga taong laging nasasapanganib;
- Paglaban sa ano mang uri ng deskriminasyon;
- Pagtulong na sugpuin ang kriminalidad;
- Pagsusulong ng pang-korporasyong responsibilidad-panlipunan;
- Paglaban sa ilegal na trapiko ng tao;
- Pagbibigay-kapangyarihan sa mga kababaihan;
- Paglaban sa mga talumpati ng galit;
- Pagbibigay-kapangyarihan sa kabataan;
- Pagsusulong ng katarungang panlipunan at proteksiyon sa mamimili;
- Mga probisyon ng paglilingkod sa lipunan.

Ang CSA ay naglilingkod sa lahat ng sektor: lokal, pambansa, panrehiyon at pandaigdig.

Ang espasyo sa lipunang sibil ay lugar ng mga kasapi na nasa mismong kinaroroonan ng lipunang tinutukoy; ang kapaligiran at takdang gampanin kung saan nagseserbisyo; at ang ugnayan sa pagitan ng mga kasapi, ng estado, ng pribado at ng mismong publiko.

## 2.1 Ang Sistema ng Karapatang Pantao ng UN – Sa Isang Sulyap

Kasabay ng pagpapatatag ng kapayapaan at seguridad at pagtiyak na makakamit ang kaunlaran sa buong mundo, ang pagsusulong ng karapatang pantao ay isa sa tatlong haligi ng UN. (Kasulatan sa pandaigdig na deklarasyon para sa karapatang pantao.)

Nagsisikap ang UN sa pagsusulong at pagtatanggol ng karapatang pantao sa tatlong paraan:

1. Ang OHCHR ang pangunahing tanggapan para sa promosyon at proteksiyon ng karapatang pantao. Nakikipag-ugnayan ito sa iba pang ahensiya para sa pondo (halimbawa ang World Health Organization, UN Refugee Agency, UNICEF, ILO, UNESCO, at iba pa) upang ganap na mapairal ang bisa ng karapatang pantao.
2. Mga pandaigdig na kasunduan para sa karapatang pantao (tipan/salitaan/kasunduan at mga kumbensiyon) at pagbuo ng samahan ng

mga eksperto na titingin sa mga bansa para sa implementasyon ng karapatang pantao.

3. Delegasyon o asembliya ng mga kinatawan ng mga kasapi ng UN na palagiang nag-uusap para sa mga usapin at situwasyon ng karapatang pantao. Ang pangunahing inter-governmental body para sa tungkuling ito ay ang Human Rights Council na itinataguyod naman ng mga indipendiyenteng eksperto na kung tawagin ay Special Procedures, at ang mekanismo ay tinatawag na Universal Periodic Review.

Ang tatlong elemento ay pawang malaya at nagtutulungan.

Ang detalyadong paliwanag sa mandatong ito ay mababasa sa *Working with the United Nations Human Rights Programme: A Handbook for Civil Society* (tingnan ang seksiyon 6, Resources). Ang aklat na ito ay nakasulat sa anim na opisyal na wika ng UN, at makikita rin sa bersiyong digital na Digital Accessible Information System (DAISY) sa CD Rom format sa wikang Pranses at Ingles para sa may kakulangan sa linaw ng mata at pagbabasa.

Ang mga gampanin ng makinarya ng UN para sa karapatang pantao ay nakasalalay sa paglahok ng CSA. Sa pandaigdig na antas, sa lipunang sibilyan nanggagaling ang kasanayan, pagtaas ng atensiyon na mapansin, pagsubaybay at pag-uulat ng mga isyu at paglabag. Tumutulong ang CSA para makabuo pa ng mga bago at napapanahong patakaran sa karapatang pantao, mekanismo, mga institusyon, at paggalaw ng mga pangangailangan at suporta ng publiko.

**Inisyatibo ng UN Human Rights Council para sa lipunang sibil**

Ginagamit ng UN Human Rights Council ang mga resolusyon na may particular na kahalagahan sa lipunang sibil, gaya ng kalayaan sa pagpapahayag, kalayaan sa asosyaon at payapang asembliya, intimidasyon at salungatan, at mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Noong 2013 at 2014, ginawa ang Resolution 27/31 at ang 24/21 sa espasyo ng lipunang sibil, na kumikilala sa "kahalagahan ng aktibong pagsali ng lipunang sibil, sa lahat ng antas, sa proseso ng pamamahala, at sa pagsusulong ng mahusay na pamamahala, kabilang ang pagiging hayag at may pananagutan, sa lahat ng antas, na laging kailangan sa pagbuo ng payapa, masagana at demokratikong lipunan."

# 3. Mga Kundisyon para sa Malayang Paggawa ng Lipunang Sibil

*"Ang malayang lipunang sibil ay pundasyon ng malusog, tumutugong pamamahala sa lokal, pambansa at pandaigdig na antas."*

Secretary General Ban Ki-mmon
Mensahe sa video sa ika-25 sesyon ng Human Rights Council, Marso 2014

Ang mga legal na obligasyon ng bawat bansa ay bumuo para sa mamamayan ng mabuting kalagayan – pangkabuhayan, political, sosyal, kultural – na aktibong susuporta sa abilidad at kapasidad ng mga tao, kahit nag-iisa o kasama ng iba pa, na makilahok sa sibikong gawain.

Ang mga prinsipyo ng karapatang pantao sa pagitan ng awtoridad at lipunang sibil ay ang mga sumusunod:

- **Pakikilahok** – Ang papel ng lipunang sibil ay kilalanin, at ang mga kasapi ng lipunang sibil ay malaya na gawin ang kanilang gusto na iba sa awtoridad.
- **Walang diskriminasyon** – Ang mga kasapi ng lipunang sibil ay imbitado at lalahok sa buhay-publiko na walang iiral na ano mang diskrimasyon.
- **Dignidad** – Ang awtoridad at lipunang sibil ay may pinagsamang layunin na pabutihin ang buhay, kahit pa nga gumaganap sila ng magkaibang tungkulin. Ang paggalang sa magkabilang panig ay mahalaga sa ugnayang ito.
- **Kahayagan at pananagutan** – Ang tungkulin para sa kapakanan ng publiko ay kailangang hayag, responsable, malinaw, walang itinatago at nananagutan. Kailangan ang tunay na kahayagan at pananagutan ng CSA sa bawat isa at sa publiko.

Key conditions which underlie good practice:[2]

## 3.1 Nakaiingganyang politikal at pampublikong kapaligiran

– Ito ay ang politikal at pampublikong kapaligiran na nagpapahalaga at humihikayat sa kontribusyon ng sibiko. Sa pag-

[2] Report of the Special Rapporteur on the situation of human rights defenders, Elements of a safe and enabling environment for human rights defenders, A/HRC/25/55.

iral, ang mga institusyon at awtoridad ay tumutugon sa lipunang sibil sa kanilang regular na palitang-kakayahan.

**Tunisia** - Napakahalaga ang ginampanan ng lipunang sibil sa Tunisia sa pagtatag ng bagong Tunisia, sa pagkabuo ng mga bagong batas at mga polisiya na mahalaga sa karapatang pantao at demokrasya. Ang lipunang sibil ay puspusang kinonsulta sa pagkakaroon ng transisyong demokratiko, gaya ng dekrito para sa panglahat na amnestiya sa mga bilanggo ng konsesnsiya, at mga batas na ang tao'y magamit ang mga bata sa apat na pandaigdig na kasunduan (Ang International Convention on the Protection of All Persons from Enforced Dissappearance, The Optional Protocol to the International Convenant on Civil and Political Rights, The Optional Protocol to the Convention Against Torture and other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment and The Rome Statute of the International Criminal Court). Ang samahan sa mga lipunang sibil ay nakibahagi sa pagbuo ng mga demokratikong institusyon na naging daan sa bagong patakaran sa eleksiyon at bagong batas sa kalayaang bumuo ng mga asosasyon, kabilang ang probisyon sa pananalapi buhat sa estado para sa NGO, at pagpopondo sa pangingibang-bansa. Libo-libong asosasyon ang nabuo sa Tunisia mula nang pairalin ang mga bagong batas noong Setyembre 2011. Naging pundamental ang tungkulin ng lipunang sibil sa halalan noong 2011, kauna-unahang demokratiko at hayag na halalan sa Tunisia. Sa kauna-unahang pagkakataon, mahigit na 10,000 aktibista ng lipunang sibil ang sumubaybay sa paghahalal ng kanilang Constituent Assembly, at tinulungan sila ng international community. Ang lipunang sibil, lalo na ang samahan ng mga kababaihan, ay isinatinig ang ganap na pagkakapantay-pantay sa pagitan ng lalaki at babae sa mga titik sa Saligang Batas, na tinanggap ng malaking mayorya ng Constituent Assembly noong Enero 2014.

Summary of the Human Rights Council panel discussion on the importance of the promotion and protection of civil society space, A/HRC/27/33.

**3.2 Maaasahang pamantayan ng balangkas-gawain** – Ang mga sinusulat na batas, patakarang administratibo at iba pang gampanin ay dapat na umaayon sa pandaigdig na pamantayan na nangangalaga sa mga gawain ng lipunang sibil. Karapatan sa hustisya ng lipunang sibil sa mga batas, kalayaan at epektibong pambansang institusyon sa karapatang pantao, at karapatang magamit ang mga mekanismo ng pandaigdig na kasunduan sa karapatang pantao ay esensiyal na bahagi ng gampanin. Ang mahuhusay na polisiya at mga batas ay mahalaga, pero mananatiling walang saysay kundi mapaiiral nang maayos.

**Slovenia** – Lahat ng asosasyon ay protektado ng karapatan sa asosasyon, kahit hindi rehistrado; at malaya sa ano mang aktibidad ang mga miyembro ng hindi rehistradong asosasyon, kabilang ang pagdaraos at paglahok sa mapayapang mga asembliya.

Report of the UN Special Rapporteur on the rights to freedom of peaceful assembly and of association, A/HRC/20/37.

Sa **Lebanon** at **Morocco**, hindi na kailangan pang isabatas at payagan ng awtoridad upang ang mga organisasyon mula sa lipunang sibil ay tumanggap ng pondo galing sa sariling bansa o mula sa ibang bansa.

Report of the UN Special Rapporteur on the rights to freedom of peaceful assembly and of association, A/HRC/20/37.

**3.3 Malayang daloy ng impormasyon** – Malayang gamitin ang mga ideya, tala, ulat, inisyatibo, ang mga desisyon upang malaman ng CSA ang mga isyu, artikulasyon sa napapanahong usapin, lumahok na mapagbuo, at magbigay ng solusyon sa problema.

**3.4 Pangmatagalang suporta at pangangailangan** – Mga polisiya para sa hindi napapansing boses sa lipunang sibil, at pagtiyak sa makukunan ng pangangailangan, pulungang lugar, at teknolohiya para sa lahat ng CSA.

Sa **Croatia**, ang gobyerno ay nagkaroon ng Code of Good Practice, Standards and Criteria for the Allocation of Grants for Programmes and Projects of Associations (2007), na nagsaayos ng hayag, malilinaw na sistema at patakaran na gagamitin ng awtoridad sa maayos na pamamahagi ng public grants.

European Center for Not-for-Profit Law (ECNL), Public Funding for Civil Society Organizations: Good Practice in the European Union and Western Balkans, 2011.

**3.5 Bigayang espasyo para sa pag-uusap at kolaborasyon** – Pagtiyak sa lugar ng lipunang sibil sa proseso ng gagawing desisyon.

Sa **Maldives** noong 2014, sinuportahan ng Pamahalaan ang limang araw na talakayan ng mga lider-kababaihan na nagsusulong ng pantay na pagtingin sa usaping pang-kasarian sa mga Islamikong lugar, kasama ang mga pang-rehiyon na NGOs at mga organisasyong pandaigdig.

Sa **Mexico** noong 2012, ang Batas sa pangangalaga sa mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao at mga mamamahayag ay naglagay ng mga pambansang mekanismo na tumitingin sa mga banta sa mga tagapagtanggol ng Karapatang Pantao at mga mamamahayag. Ang batas ay sinulat na may partisipasyon ng mga aktibo sa lipunang sibil at ng Kongreso, at sinusuportahan ng mga pandaigdig na NGOs, mga organisasyon at ng ONHCR-Mexico.

Sa **Nepal** noong 2010, ang diskriminasyong Caste-based at Untouchability Act ay sinulat na may partisipasyon ng ng lipunang sibil, ng Pambansang Komisyong Dalit at ng tanggapan ng ONHCR sa bansa. Ang Batas ay pinairal noong 2011.

Sa **New Zealand** noong noong 2011, ang Batas para sa mga may Kapansanan ay sinulat na may partisipasyon ng samahan ng mga taong may kapansanan.

Ulat ng UN Special Rapparteur tungkol sa karapatan  sa malayang asembliya at pagtatatag ng asosasyon. A/HRC/20/27

Sa **Vanuatu** noong 2013, ang gobyerno ay nagtatag ng Lupong UPR, ang pangalawang tagapangulo ay ang kinatawan ng Vanuatu Associatin of Non-Government Organization. Bilang dagdag, ang lipunang sibil ay kinakatawan sa National Human Rights Committee (NHRC), ang may atas upang makipag-ugnayan sa Vanuatu Human Rights Obligations, at ang pagtatatag ng Pambansang institution sa Karapatang Pantao. Noong 2013, ang samahang naglilingkod para sa mga taong may kapansanan ay malawakang kinonsulta sa pagsulat ng mga ulat sa Lupon para sa Komisyon ng mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan.

## PANDAIGDIG NA PAMANTAYANG LEGAL NA MAY KAUGNAYAN SA MGA GAMPANIN NG LIPUNANG SIBIL

Ang ligtas at kapaligiran nakapagpapairal para sa gampanin ng lipunang sibil ay dapat na may malakas na balangkas ng suportang legal, na nakatuntong sa pandaigdig na batas para sa karapatang pantao.

Ang kalayaan sa pagpapahayag, pagtitipon, mapayapang asembliya, at karapatang lumahok sa pampublikong gawain, ay mga karapatang nagpapakilos sa mamamayan para sa mga positibong pagbabago.

Lahat, nag-iisa man o kasama ng mga asosasyon at iba pa, ay dapat makinabang sa mga kalayaang ito. Sila ang dapat nasa gitna sa mga pangsibikong gampanin.

Halos lahat ng mga pandaigdig na instrumento sa karapatang pantao ay naglalaman ng mga probisyon na direktang may kaugnayan sa mga kalayaang pampubliko, at lahat ay sumangguni sa prinsipyo ng walang-diskriminasyon.

- Pandaigdig na Deklarasyon ng Karapatang Pantao (Artikulo 19, 20, 21)
- Pandaigdig na Kasunduan para sa Karapatang Sibil at Politikal – Para sa karapatan sa malayang opinion at pagpapahayag, mapayapang pagtitipon at asosasyon, at pakikipamuhay (articles 19, 21, 22, 25);
- Pandaigdig na Kasunduan sa Pangkabuhayan, Panglipunan at Karapatang Kultural – Para sa karapatan na bumuo o makibahagi sa mga union sa paggawa at makilahok sa lahat ng uri ng buhay-kultural (articles 8, 15);
- Kumbensiyon sa Eliminasyon ng Lahat ng Uri ng Diskriminasyon laban sa Kababaihan – Para sa karapatan ng mga kababaihan na lumahok sa mga political, pangkabuhayan at pangkulturang buhay (article 3);
- Pandaigdig na Kasunduan sa Pag-aalis ng ano mang Uri ng Diskriminasyon – Nagbabawal ng diskriminasyon na may kaugnayan sa pagpapahayag, pagtitipon at asosasyon, at sa pampublikong pamumuhay (article 5);
- Kumbensiyon sa Karapatan ng mga Bata – Kalayaan sa pagpapahayag, asasasyon at mapayapang pagtitipon (article 13, 15);
- Kumbensiyon sa Karapatan ng mga Taong may Kapansanan – Gumagarantiya sa karapatan ng kalayaan sa pagpapahayag, karapatan sa impormasyon, at pakikilahok sa buhay political at pampubliko, kabilang ang buhay-kultural (articles 21, 29, 30);
- Pandaigdig na Kasunduan para sa Proteksiyon ng Lahat ng Tao laban sa Sapilitang Pagkawala – Karapatan na bumuo o makilahok sa mga organisasyon at samahan na tumitingin sa mga pangyayari sa sapilitang pagkawala at ang naging kalagayan ng nawalang tao, at pagtulong sa mga biktima ng sapilitang pagkawala (article 24); at

- Pandaigdig na Kumbensiyon para sa Proteksiyon ng mga Karapatan ng Lahat ng Nandadayuhang Manggagawa at Miyembro ng kanilang Pamilya – Para sa kalayaan sa asoasyon (article 26).

Ang kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon at mapayapang pagtitipon at karapatan na lumahok sa pampublikong gampanin ay nagsisilbing daan upang umiral ang iba pang sibil, kultural, pangkabuhayan, political at panglipunang karapatan. Binibigyang-kapangyarihan ang mga kababaihan, kalalakihan at mga bata na makibahagi sa mga Gawain na naglalayong magdala ng mabuting pagbabago sa lipunan.

***Kalayaan sa pagpapahayag*** – Kabilang sa nasasaklaw ng kalayaan sa pagpapahayag ang karapatan na maghanap, tumanggap at magbigay ng lahat ng uri ng impormasyon at ideya. Kabilang dito ang impormasyon at ideya na may kinalaman sa usaping politika at pang-relihiyon, pampublikong gampanin, karapatang pantao, at maging ang mga artistiko at kultural na pagpapahayag. Maaari ding isama rito maging may pagka-opensiba na pagpapahayag bagamat dapat na may limitasyon (halimbawa ang Rabat Plan of Action na nagbabawal ng pambansang adbokasiya na nanghihikayat sa diskriminasyon, agresyon at kaguluhan, ika-5 ng Oktubre 2012). Lahat ng uri ng pagpapahayag maging ang paraan ng pagpapalaganap nito ay protektado: pasalita, pasulat, wikang gamit ay simbolo at maging hindi sinasalitang pagpapahayag gaya sa mga larawan at mga gawang-sining. Ang pagpapahayag ay maaaring gawin sa libro, pahayagan, pampleta, poster, komiks, pananamit, banner, patalastas, at mga legal na doktrina. Kabilang ang lahat ng uri ng audio-visual kasama na rito ang elektronikong nakabase sa internet na paraan ng pagpapahayag.

***Kalayaan sa asosasyon*** – Ang asosasyon ay tumutukoy sa grupo ng mga tao at/o pangkat o negosyo na sama-samang kumikilos sa paghahayag, pagsusulong, pagtupad o pagdepensa sa larangan na kanilang nilalayon. Halimbawa ng kalayaan sa asosasyon ay ang pagsama – o ang pagpili na hindi sumama – sa mga samahan ng lipunang sibil, clubs, kooperatiba, NGOs, relihiyon, partido politikal, union sa paggawa, foundation at maging ang asosasyon sa internet. "Ang kakayahang maghanap, seguruhin at gamitin ang mga paraang mahalaga para mabuo ang epektibong operasyon ng asosasyon gaano man ito kalaki o kaliit. Kabilang sa karapatan sa asosasyon ang maghanap, tumanggap at gamitin  ang mga paraan – mula sa sariling lugar, sa dayuhan, at maging pandaigdig man ang pagmumulan." (A/HRC/23/39, paragraph 8).

***Kalayaan sa mapayapang asembliya*** – Ang mapayapang asembliya ay isang pansamantala, walang kaguluhang pagtitipon sa isang pribadong pulungan  na may takdang layunin.  Kabilang dito ang demonstrasyon, pag-aaklas, prusisyon, rally at kaisahang-pag-upo.

***Karapatang lumahok sa pampublikong gampanin*** – Ang pampublikong gampanin ay isang malawak na konsepto na may kaugnayan sa pag-iral ng kapangyarihang politikal, particular na ang tungkol sa lehislatibo, ehekutibo at pamamahalang may kapangyarihan. Saklaw nito ang lahat ng uri ng administrasyong pampubliko, maging ang paggawa at pagpapatupad ng mga polisiyang pandaigdig, pambansa, pangrehiyon at lokal na antas. Ang paglahok ay maaaring direktang gawin o pipiliin ang dapat kumatawan para sa pagpasa o pagbabago ng Saligang Batas, pagsulat ng isasabatas at pagbuo ng polisiya, pagpapasya sa usaping pambayan katulad sa referendum,  pagbahagi sa asembliya na may kaugnayaan sa pagdedesisyong ang kapangyarihan ay nasa local na pamahalaan. Ang karapatan sa kalayaan sa asosasyon, kabilang ang karapatang bumuo o sumali na may kaugnayan pampolitika, ay mahalaga sa karapatang lumahok sa pampublikong gampanin.

***Walang diskriminasyon*** – Lahat ng naturang mga karapatan ay gumagarantiya sa isang tao o grupo ng mga tao, walang pasubali at walang kinikilingan, ano mang lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, politikal at iba pang opinyon, pagkakakilanlang kasarian, pambansa o sosyal na pinagmulan, pag-aari, kapanganakan at iba pang estado. Ang mga karapatang ito ay para in sa mga babae, bata, kautubo, mga may kapansanan, mga taong kabilang sa minoridad at mga grupong nanganganib na mawala at hindi mapasama, kabilang din ang mga biktima ng diskriminasyon dahil sa kanilang seksuwal na oryentasyon at pagkakakilanlang pangkasarian, hindi kamamamayan, mga taong walang bansa, migrante, pati mga asosasyon nakarehistro man o hindi.

Ang pandaigdig na patakarang ito ay angkop sa lahat ng sangay ng bawat bansa: ehekotibo, lehislatibo, hudikatura; iba pang awtoridad ng gobyerno, ano mang antas – pambansa, pangrehiyo o panglokal. Ang bawat bansa ay may tungkuling protektahan ang lahat ng tao sa ano mang papangyari na maaaring bumalakid  sa pag-iral ng kanilang mga karapatan. Pananagutan ng estado na isulong at protektahan ang pag-iral ng lahat ng karapatan.

Ang kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon at mapayapang asembliya ay may kaakibat na tungkulin at responsibilidad, at ang pag-iral ay maaaring iralan din ng limitasyon. Ano mang pagbabawal ay kinakailangang may sinasandigang batas at kailangang may respeto

sa karapatan at reputasyon ng populasyon; at para din sa proteksiyon ng pambansang seguridad at kaayusang pampubliko (ordre public), at ng kalusugang pampubliko at pangmoral. Ang ganitong bagay ay hindi maaaring idahilan na parang pangsupil sa mga adbokasiya at mga partidong political, demokratikong gabay at karapatang pantao.

Human Rights Committee, General Comment No. 34, article 19: Freedoms of opinion and expression, CCPR/C/GC/34; and General Comment No. 25, article 25: The right to participate in public affairs, CCPR/C/21/Rev.1/Add.7. Reports of the UN Special Rapporteur on the rights to freedom of peaceful assembly and of association, A/HRC/20/27; and A/HRC/23/39.

*"Wala isa man sa atin, kabilang ang mga gobyerno, na nagtataglay ng lahat ng katotohanan, mahuhusay na ideya, o alam ang lahat ng dahilan sa likod ng mga problema na gusto nating lutasin. Magkakabiyaya lamang tayo sa pangkalahatang karunungan. Kaya mahalaga sa atin na pakinggan ang ating mga nasasakupan, lalo na yaong nahihiwalay na pangkat at hindi naririnig ang kanilang boses, bago gumawa ng ano mang desisyon. Halimbawa, tungkulin ng Komite para sa Karapatang Pantao na malawakang kumalap ng mga impormasyon: ang Gobyerno mismo, ang UN, at lipunang sibil. Tutulong ito para sa mahusay nating pagpapasiya at mga rekomendasyon, at magbibigay-landas sa mga praktikal na hakbang ng gobyerno, upan pairalin ang kanilang mga batas ng naaayon sa kanilang obligasyon sa ilalim ng mga kasunduan sa karapatangpantaao na kanilang niratipika."*


Professor Sir Nigel Rodley, Chairperson,
United Nations Human Rights Committee, October 2014

# 4. Mga hamon na hinaharap ng lipunang sibil

Sa lokal, pambansa, pangrehiyon at pandaigdig, ang mga kasapi ng lipunang sibil ay makakaranas ng mga sagabal na layuning sila'y pigilan, bawasan ang galaw, paliitin ang lugar, sagkaan o baligtarin ang talab ng kanilang lehitimong aktibidad dahil sila'y tutol sa posisyon, polisiya at aksiyon ng gobyerno.

Kabilang dito ang pagpigil sa kalayaan, panggugulo, pananakot, intimidasyon, at paghihiganti (i. e. pagpaparusa at retalyasyon) laban sa CSAs.

**Mga paraan upang pigilan, paliitin, sagkaan o baligtarin ang talab ng mga paglahok ng lipunang sibil.**




## 4.1 Batas o basehang patakaran na sumasagwil sa lumalahok na lipunang sibil

Mayroong mga batas at regulasyon na maaaring maglimita sa kalayaan ng mga kasapi ng lipunang sibil, halimbawa ang mga sumusunod:

- Kautusang pagpaparehistro na wala namang positibong ganting biyaya (halimbawa, biyaya sa buwis);
- Limitasyon sa uri ng aktibidad na pinapayagang gawin;

- Sanksiyong kriminal sa mga hindi rehistrado;
- Restriksiyon sa pagpaparehistro ng ispesipikong asosasyon kabilang ang mga pandaigdig na NGO o mga asosasyon na tumatanggap ng pondo sa ibang bansa at naglilingkod para sa karapatang pantao;
- Pagtatakda ng patakaran kung sino lamang ang makapagasagawa ng aktibidad o paglalagay ng limitasyon sa aktibidad;
- Restriksiyon sa pagkukunan ng pondo (halimbawa, pondo galing sa abroad; at
- Lehislasyon ng pamamahala sa kalayaan ng mapayapang pagasembliya, asosasyon at pagpapahayag na naglalaman ng mga probisyong may deskrimanasyon, o kaya'y may negatibong at hindi maaayos na pagkakahati-hati sa mga grupo.

Marapat idagdag na ang mga pabigat na patakarang administratibo ay aantala sa CSA sa pagpapaupad ng kanilang mga aktibidad.

Kapag ang karapatan sa kalayaan sa impormasyon ay sinagkaan, mababawasan din ang kakayahan ng CSA para sa epektibong paglahok sa hapag ng paggawa ng mga polisiya. Ang hindi marapat na pagpapakitid ng partisipasyon ( halimbawa, pagbibigay ng 'kalagayang tagamasid lamang' ang CSA, o limitado ang karapatang magsalita) ng CSA sa paggawa ng polisiya ay sagabal sa paglahok. Ang pamantayan ng kalayaan ng asosasyon ay dapat na naaayon sa kahingiang pangdaigdig at gayon din naman sa pangnasyonal at local.[3]

## 4.2 Ang walang pagsasalang-alang na pamantayan

Kapag ang lipunang sibil ay pumupuna, at tutol sa posisyon ng gobyerno, polisiya at aksiyon, ang makapritsong probisyon sa batas ay maaaring isagawa ng walang pagsasaalang-alang sa anyong legal at lehitimo (halimbawa, ang anti-money laundering, anti-terrorism, national security, public morals, defamation, proteksiyon ng pambansang soberenya), mauuwi ito sa:

- Walang pagsasalang-alang na pagsuri sa panloob at panlabas na pamamahala;

[3] Report of UN Special Rapporteur on rights to freedom of peaceful assembly and of association on exercise of peaceful assembly and association in the context multilateral institutions, A/69/365.

- Banta o tuwirang rehistrasyon;
- Sapilitang pagpapasara ng tanggapan;
- Pagtingin at pagsamsam ng ari-arian;
- Hindi makatarungang multa;
- Tiwaling prosekusyon;
- Arbitraryong mga paghuli at pagkukulong;
- Pagbabawal maglakbay;
- Pagtatanggaal ng nasyonalidad; at
- Arbitraryong limitasyon at pagkansela ng mga protesta at pagtitipon.

> Ang resolusyon 24/21 ng UN Human Rights Council na lumilikha, nagpapanatili, nagpapairal ng batas, ligtas at makabuluhang kapaligiran ng lipunang sibil ay nagsasabi ng ganito: "Sa ilang pagkakataon, ang administratibo at domestikong mga probisyon. . .  ay hindi maayos na naipatutupad upang magkagabal sa paggalaw at napapasapanganib ang kaligtasan ng lipunan sibil sa paraang salungat sa pandaigdig na batas."

## 4.3 Labis sa legal na panggigipit, intimidasyon at salungatan

– Bilang dagdag sa sapilitang ipinatutupad na limitasyong ginawang legal at walang pagsasaalang-alang na ipinatutupad, na naglilimit sa espasyo ng lipunang sibil, ang mga banta at sikolohikal na panggigipit at pisikal na atake ay ibinabato sa CSA upang ang mga miyembro ng kanilang pamilya ay hindi malayang makagalaw.

Kabilang na halimbawa ang mga sumusunod:

- Pagbabanta sa telepono;
- Surveillance;
- Pag-atakeng pisikal at seksuwal;
- Paninira ng ari-arian;
- Pagkatanggal sa trabaho at pagkawala ng kita;
- Paninirang puri at pagbabasag sa lipunang sibil bilang kalaban ng estado,  traidor, o nag-lilingkod sa dayuhan;
- Pagkawala, desaperado;
- Pagpapahirap; at
- Mga pagpatay.

*"Ang mga tao at mga grupo ng lipunang sibil ay kadalasang hinaharap ang panganib upang mapabuti ang kanilang buhay at buhay ng iba. Nagsasalita sila kahit nalalaman na maaari silang patahimikin nang lubos. Inilalantad nila ang mga problema na binabalewala ng iba. Pinoprotektahan nila ang ating karapatan. Karapat-dapat sila sa kanilang karapatan."*

UN Secretary-General Ban Ki-moon's
remarks at the High Level event on supporting Civil Society,
23 September 2013

*"Panggugulo, inimidasyon at paghihiganti ang ilan sa mga gumigipit sa mga aktibista ng karapatang pantao at/o mga saksi kapag isinasaboses ang kanilang mga hinaing at nagtatrabaho para sa United Nations. Kasabay nito, ang mga ganitong panggigipit ay nagtatanim ng takot sa sambayanan at lumilikha ng mapang-aping kapaligiran, kinokontrol ang kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon at payapang asembliya, na napakahalaga sa demokratikong lipunan."*

Ambassador Laura Dupuy Lasserre,
Permanent Representative of Uruguay to the UN Office at Geneva, and
President of the Human Rights Council (2011-2012).

## Mga Kababaihang Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

Ang mga kababaihang tagapagtanggol ng karapatang pantao (WHRDs) ay target din ng mga nasabi nang mga panganib tulad rin ng mga kalalakihan, at dahil mga babae, sila ay higit na nakalantad sa mga ispepikong banta na pangkasarian. Kadalasan, ang trabaho ng WHRD ay nakikita na parang humahamon sa mga tradisyonal na paniniwala ng pamilya at ng gampanin ng kasarian sa lipunan, na nauuwi sa awayan ng mga mamamayan at ng awtoridad. Ang mga WHRD kung minsan ay kinokondena at binabale-wala ng mga lider sa komunidad, mga grupo ng pananampalataya, pamilya at komunidad na nagtuturing sa kanila bilang banta sa relihiyon, dangal at maging ng kultura dahil sa uri ng kanilang trabaho.

Kadalasan, mismong ang kanilang trabaho na pinagsisikapan nilang magtagumpay, ay siya pang nagiging sanhi ng atake sa kanila. Maging ang kanilang pamilya ay idinadamay, tinatakot at pinagbabantaan, sa layuning maihiwalay ang WHRD at mapatigil na sila na ipagpatuloy pa ang kanilang misyon. Ang mga WHRD ay higit na nasa panganib sa

ibang anyo ng gulo at kamalian, pinsala, pagtitiwalag, at pagbale-wala kumpara sa pangkat ng kalalakihan. Ang mga hamon na ito ay dapat bigyang-pansin upang mapalakas ang mekanismo ng proteksiyon, sa local at pandaigdig na antas. Ang mabilis at malawak na imbestigasyon sa nagaganap na intimidasyon, pagbabanta, gulo, at iba pang pag-abuso laban sa kababaihang tagapagtanggol ng karapatang pantao, gawa man ng estado o ng sino pa man, ay dapat aksiyunan.

Noong 2013, ang UN General Asembly ay ginawa ang resolution 68/181, sa kauna-unahang pagkakataon, para sa mga WHRD, na naghahayag ng pagkalinga sa sistemiko at nakapormang diskriminasyon at gulo na hinaharap ng WHRD sa lahat ng edad, at tinawagan ang lahat ng bansa na gawin ang lahat ng nararapat upang tiyakin ang proteksiyon ng WHRDs, kailangang gumawa ng maaasahang kapaligiran para sa kapakanan ng karapatang pantao.

Sa **Cote d'Ivoire**, ang batas na Promotion and Protection of Human Rights Defenders ng 2014 ay naglalaman ng mga karapatan na kinikilala sa Declaration on the Human Rights Defenders, kabilang ang karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag, karapatan sa asosasyon at non-government association, karapatan sa makukuhanan ng impormasyon, karapatan na paratingin ang impormasyon sa pandaigdig na tribuna, at karapatan na makaligtas sa mga paghihiganti. Kabilang sa batas ang obligasyon ng proteksiyon para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, ang kanilang pamilya at tahanan sa ano mang atake, at ang imbestigasyon at pagpaparusa sa umatake. Kinikilala ang ano mang pagbabanta, mga proteksiyon na kailangan, ng mga kababaihang tagapagtanggol. Ang batas sa Cote d'Ivoire ay tanggap ng mga organisasyon sa lipunang sibil, kabilang ang Koalisyon mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao sa Cote d'Ivoire at ang West African Human Rights Defenders Network.

## Intimidasyon, at mga paghihiganti laban sa mga indibiduwal at grupo na nakikiisa sa UN

*"Sentral ang lipunang sibil sa pagsusulong ng mga gawain ng United Nations, hindi lamang para sa karapatang pantao kundi maging sa kapayapaan at seguridad, at maging sa pag-unlad. Napakahalaga ang lipunang sibil. Kaya hindi katanggap-tanggap na paghigantihan at salungatin ang mga tao na nakikiisa sa United Nations – hindi lamang dahil tumutulong sila batay sa mandato ng UN Declaration of Human Rights – kundi dahil pinipigilan maging*

*ang iba pa na gustong makipag-trabaho sa amin. Kailangang kumilos tayo upang palakasin ang tinig ng demokrasya."*

UN Secretary-General Ban Ki-moon,
Remarks at the High-level event on supporting civil society,
23 September 2013

*"Hindi magagawa ng United Nations ang mga tungkulin para sa karapatang pantao kung wala ang mga nakikipagtulungan sa amin. Kapag sila'y sinasagkaan at ginagantihan, sila'y mga biktima, kaya tayong lahat ay kulang sa seguridad. Kapag ang pakikipagtulungan nila ay nawala, ang gawain sa larangan ng karapatang pantao ang napinsala."*

UN Secretary-General Ban Ki-moon,
Statement at the High-level panel discussion on reprisals,
New York, 2011

Tunay na nakagigimbal ang pananakot at intimidasyon laban sa indibiduwal at grupo na nakikiisa sa UN sa larangan ng karapatang pantao. Sa kabila ng pandaigdig na pagkilala sa pangangailangan at karapatan ng mga tao na makipag-ugnayan at maki-trabaho sa UN, patuloy pa rin ang mga ulat tungkol sa bagay na ito.

Dahil sa pakikipagtulungan ng CSA sa UN (sa pamamagitan ng report, pahayag, pulong, pagpapaabot, at iba pa), sila'y tumatanggap ng pananakot at pagbabanta mula mismo sa ibang opisyal ng pamahalaan, sa pamamagitan ng makapangyarihang pananalita ng may kapangyarihan; maaaring pagpigil na bumiyahe at dumalo sa pagpupulong; at malalaman ng CSA na sinusubaybayan pala ang kanilang mga galaw. Karaniwan nang ang kampanya ng paninirang-puri laban sa CSA ay ginagawa sa pamamagitan ng social media, pahayagan at telebisyon. Ang mga pagbabanta ay ginagawa sa pamamagitan ng telepono, mensahe sa text o kaya'y tuwirang komprontasyon. Maaaring arestuhin ang CSA, aktan, pahirapan o patayin.

Ang konseho ng karapatang pantao ay nagsagawa ng mga resolusyon tungkol dito, kabilang ang resolution 24/24 at resolution 2/2. Ang Secretary General ay may taunang ulat sa mga kaso ng paghihiganti dahil sa kooperasyon ng CSA sa larangan ng karapatang pantao. Ang Secretary General at ang High Commissioner for Human Rights ay parehong naglabas ng pahayag na sadyang hindi katanggap-tanggap

ang mga gayong panggigipit kaya ang nagkakaisa at higit na pinaigting na pagtugon ay kailangan. Ang iba pang mekanismo ng karapatang pantao ay nagsasagawa rin ng mga marapat na hakbang laban sa panggigipit sa CSA.

## Mga probisyon ng Human Rights Treaty laban sa panggigipit

**Optional Protocol to the International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights – Article 13**

Ang State Party ay dapat magsagawa ng pinakamarapat na hakbang upang tiyakin na bawat indibiduwal o mga indibiduwal na nasa kanilang nasasakupan ay hindi sinasagkaan at inuukulan ng masamang trato at intimidasyon dahil sa pakikipag-ugnayan sa lupon tungkol sa kasalukuyang protocol.

**Optional Protocol to the Convention on the Rights of the Child sa pamamaraan ng komunikasyon – article 4**

Ang State Party at dapat magsagawa ng lahat ng hakbang upang tiyakin na ang mga indibiduwal na kanilang nasasakupan ay hindi daranas ng ano mang paglabag sa karapatang pantao, masamang trato at intimidasyon na resulta ng kanilang komunikasyon at kooperasyon sa lupon na may kaugnayan sa kasalukuyang protocol.

**Optional Protocol to the Convention on the Elimination of all forms of Discrimination against Women – article 11**

Ang State Party ay dapat gumawa ng nararapat na hakbang upang tiyakin ang kaligtasan ng mga tao sa kanilang nasasakupan na nahaharap sa masamang pagtrato at intimidasyon na bunga ng pakikipag-ugnayan nila sa lupon kaugnay ng kasalukuyang protocol.

Sa **Austria**, ang ika-18 parapo ng 1982 Ombudsman Board Act ay naglalaman: Walang sino mang mapaparusahan dahil sa pagbibigay ng impormasyon sa lupon para sa Prevention of Torture, ang Ombudsman Board o ang Lupon ay inilaan para ditto."

Sa **Montenegro**, sa artikulo 56 ng Saligang Batas 2007, ay naglalaman: "Lahat ay may karapatang lumapit sa mga pandaigdig na institusyon para sa proteksiyon ng karapatan at kalayaan na ginagarantiyahan ng Saligang Batas."

Ang mga legal na administratibong pagbabawal, na kinambalan ng panggugulo, at paghihiganti ay nakababawas sa nagbibigayang

pakikipagulungan ng lipunang sibil na dapat ay magagawa para sa gobyerno. Naglalayon ito na mapigilan, mabawasan, hindi kilalanin, sagkaan at baligtarin ang talab ng nagagawa ng lipunang sibil. Ang kabiguan na isulong at protektahan ang espasyong ito at tiyakin ang kaligtasan at maaasahang kapaligiran ay kabaligtaran sa inaasahang obligasyon ng bansa sa ilalim ng mga pandaigdig na mga batas sa karapatang pantao.

Pangunahing responsibilidad ng bansa na protektahan ang CSA, subalit kapag ang espasyo ng lipunang sibil, o kaya'y mismong ang CSA, ang nalagay sa panganib dahil sa kanilang pagmamalasakit at pagsusulong ng karapatang pantaao, ang pandaigdig na komunidad ay may pinagsama-samang responsibilidad na sumuporta at protektahan sila.

# 5. Ano ang aking magagawa? Paglapit sa United Nations

Ang pandaigdig na batas para sa karapatang pantao ay may natatanging pandaigdig na plataporma, kung saan ang CSA ay makalalapit para sa suporta at gabay. Kasama sa platapormang ito ang tanggapan ng Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights (OHCHR), mga katawan ng kasunduan para sa karapatang pantao, at sa Human Rights Council at sa mekanismo nito (mandato ng Sprcial Procedures, ang Universal Periodic Rview, etc.)

*"Ang pamantayan ng pandaigdig na batas para sa karapatang pantao ay mayroong pandaigdig na plano kung saan ang mga sibikong organisasyon ay makaaasa na mag-adbokasiya sa katuparan ng mga napagkasunduan. Ang pamantayang ito ay hindi lamang binibigyang pagkilala ang mga gawain ng organisasyong sibiko, kundi nagagamit din ito bilang makabuluhang plataporma upang malayang masubaybayan ang obligasyon ng gobyerno sa karapatang pantao. Ang mekanismo ng karapatang pantao ay lumabas bilang esensiyal na plataporma sa pagkakaroon din ng maaasahang kapaligiran para sa lipunang sibil. Sa isang banda ang mapanupil na konteksto, ang mga kinatawan ng UN para sa karapatang pantao ay mayroong pintuan na makapasok para sa pambansang grupo ng lipunang sibil upang iangat ang kabatiran at pag-uusap para sa mga sensitibong usapin."*

Dr. Danny Sriskandarajah,
Secretary General, CIVICUS: World Alliance for Citizen Participation,
October 2014

Mayroong dalawang daan upang ang mekanismo ng karapatang pantao ng UN ay maproteksiyunan ang espasyo ng lipunang sibil:[4]


Ang dokumentasyon tungkol sa mga sagwil, mga banta sa espasyo ng lipunang sibil, at mabuting mga pag-papairal. Ang dokumentasyon tungkol sa kalagayan ng karapatang pantao solidong dahilan upang

[4] Readers who are not already familiar with the main features of these mechanisms are invited to refer to OHCHR's Handbook for civil society – *Working with the United Nations human rights programme*. Further guidance and advice are found in the series of *Practical Guides for Civil Society, including How to Follow Up on United Nations Human Rights Recommendations*.

makapakialam ang mekanismo ng karapatang pantao ng UN. Ang maayos na dokumentasyon at beripikado ng CSA ay nagiging malakas na kaso para sa aksiyon, at higit na mapagtitiwalaang pangungumbinse, mahirap tutulan, at epektibong paraan para isulong at proteksiyunan ang karapatang pantaao. Ang CSA ay inaanyayahan na ibahagi ang kanilang dokumentasyon (halimbawa, tumpak, totoong impormasyon, maingat na paghimay, at konkretong rekomendasyon) tungkol sa mga sagabal, banta sa mga kasapi ng lipunang sibil at sa kanilang espasyo, gayon din ang pagpaparating ng mahusay na pag-iral ng mekanismo ng karapatang pantao ng UN.

*Ang paggamit sa nakalaang espasyo*. Ang CSA ay inaanyayahan na gamitin ang pagkakataon na lumahok sa mga pandaigdig na kumperensiya at pulong, o kaya'y bumisita sa mga eksperto. Ang pagkakataon ay maaaring gamitin sa pagkakaloob, organisasyong mapagsasalaysayan, at malawakang talastasan sa mga kasali upang iangat ang kaalaman tungkol sa espasyo at usapin ng lipunang sibil, gayon din ang pagbabahagi ng rekomendasyon at matagumpay na estratehiya.

Ang pakikitrabaho sa mekanismo ng karapatang pantao ng UN para sa mga usapin ng lipunang sibil ay nagbibigay ng lugar sa CSA upang magamit ang ano mang kalalabasan ( halimbawa, natuklasang pandaigdig at rekomendasyon sa gorbyerno tungkol sa legal, administratibo at iba pang patakaran) sa kanilang trabaho upang protektahan ang lipunang sibil at mabigyang-kapangyarihan sa lokalidad.




Halimbawa ng mga nagawa ng mandato at mekanismo ng karapatang pantao ng UN:

- Mga napagpasiyahang obserbasyon ng mga kinatawan ng kasunduan, kabilang ang pananaw at rekomendasyon sa bawat kaso;

- Pagtataya, rekomendasyon at pagsasara na nalilalaman ng ulat sa bawat bansang binisita, tematikong ulat at komunikasyon sa bawat kaso ng isang espesyal na pamamaraan (indipendiyenteng eksperto) ng lupon ng karapatang pantao;
- Rekomendasyon para sa Universal Periodic Review;
- Resolusyon at desisyon ng lupon ng karapatang pantao sa General Assembly;
- Ulat ng Commission of Inquiry, fact-finding mission at iba pang ad hoc na mekanismo ng nag-imbestiga sa karapatang pantao na binuo ng HRC;
- Pahayag ng Secretary General ng UN;
- Pahayag, ulat at pag-aaral ng UN High Commissioner for Human Rights (halimbawa, ulat sa aktibidades ng mga nasa larangan; ulat at pag-aaral sa bansa at tematikong situwasyon sa atas ng HRC o ng UN General Assembly);
- Taunang ulat ng Secretary General sa mga kaso ng intimidasyon o gantihan laban sa indibiduwal o grupo na nakikiisa sa UN sa larangan ng karapatang pantao; at
- Apela sa mga bansa ng UN Secretary General, High Commissioner on Human Rughts, o ng pahayag ng mga eksperto sa karapatang pantao.

Ang mga tuklas na ito at ang rekomendasyon ay pawang makapangyarihang kasangkapan ng adbokasiya at gabay na suporta sa hugis ng mga local na aktibidad, kasali na rin ang proteksiyon. Halimbawa, ang CSA ay maaaring:


- Magtrabaho sa central at local na pamahalaan sa pagpapatupad ng rekomendasyon mula sa Sistema ng UN sa karapatang pantao;
- Iangat ang kaalaman ng local na komunidad tungkol sa pandaigdig na paghimay ng  at inaasahan sa karapatang pantao sa isang bansa;
- Masubaybayan at mapag-aralan ang galaw at pamantayan na isinasagawa ng maykapangyarihan sa pambansa at local;
- Palakasin nang dating nang adbokasiya sa pamamagitan ng may kakayahang mamuno, mahusay na wika, epektibong estratehiya, at mahusay na pagpapairal at pagsosolusyon;

- Palaganapin ang opinyon sa lahat ng organisasyon ng lipunang sibil, hanggang sa sambayanan;
- Bumuo ng kapatiran;
- Paangatin ang pakikipag-usap sa mga opisyal-publiko;
- Magbahagi sa mga nagsasagawa ng polisiya;
- Magbigay-hugis sa mga aksiyong legal/paglilitis;
- Magmungkahi sa pagsunod-pagsasapanahon ng mga paraan sa mekanismo ng karapatang pantao;
- Suriin at magbigay ng teknikal na mungkahi sa bawat tao na naglalayong magreklamo sa mekanismo ng karapatang pantao ng UN.

Ang mga tuklas ng UN na may kaugnayan sa ibang bansa ay isa ring mayamang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa estratehiya sa may pagkakatulad na karanasan sa ibang lugar.

## Paano nagtatrabaho ang mekanismo ng karapatang pantao ng UN

Sa kabuuan, ang mekanismo ng karapatang pantao ng UN ay umaayon sa katulad na proseso sa pagharap sa mga problema ng karapatang pantao. Tinitipon ang impormasyon o tumatanggap ng mga impormasyon mula sa malawak na pinanggagalingan, kabilang ang mga kasapi ng lipunang sibil. Ito'y pinag-aaralan, mainam na sinusuri, para sa mapagtitiwalaan, mahusay at tiyak na resulta. Ang mekanismo ay nagsisimula sa pag-uusap na pasulat o sa tao mismo sa Estado upang malinawan ang nilalaman ng impormasyon. Maaaring gumawa ng rekomendasyon sa Estado kung paano sosolusyunan ang problema, at maghahandog ng tulong na suporta upang maipatupad ang rekomendasyon. Ang iba pang dagdag na impormasyon ay muling titipunin para sa pagtaya sa progreso ng rekomendasyon.




Noong Abril 2011, ang mga miyembro ng CERMI (Lupon ng mga Kinatawan ng mga Taong may Kapansanan sa Espanya) ang lumahok sa ika-5 sesyon ng Lupon ng mga Karapatan ng mga Taong may Kapansanan (CRPD) at nagkaloob ng listahan ng mga isyu. Ipinagkaloob nila ang ulat, ipinaliwanag sa lupon ang ulat at nagtrabaho para masundan ang rekomendasyon para sa gobyerno ng Espanya. Sa isang banda, ang CERMI ay naglunsad ng malawak na kampanya upang maibalik ang karapatang bumoto ng mga taong tinanggalan ng karapatang bumoto dahil sa kapansanan, situwasyong apektado ang mga 80,000 nang panahong iyon. Ang lupon ay nagrekomenda na "Lahat ng may kaugnayan sa lehislasyon ay muling suriin upang matiyak na lahat ng taong may kapansanan, ano man ang kanilang kakulangan, kalagayan legal at saan man nakatira, ay dapat na may karapatang bumoto." (CRPD/C/ESP/CO/1, paragraph 48). Ang CERMI ay naglabas pa ng maraming inisyatibo bilang suporta sa amniyenda sa lehislasyon, kabilang ang gabay na may titulong, "Mayroon kang karapatang bumoto, walang sino mang makapag-aalis nito sa iyo", kung saan nakadetalye ang mga praktikal na hakbang upang makaboto. Bilang resulta ng adbokasiya ng CERMI, ang prosecutor ng Korte Suprema ay nag-utos sa mga pangrehiyong prosecutor na protektahan ang karapatan ng mga may kapanansanan para makaboto. Inadbokasiya rin ng CERMI sa Gobyerno at Kongreso na amniyendahan ang mga lehislasyon kaugnay ng obserbasyon ng CRPD. Ang mungkahing anmiyenda ay ipinadala sa mga Gobyerno at mga Kongreso.

Magagamit ng CSA ang pandaigdig na boses ng mga komunidad bilang suporta sa mga pambansang estratehiya upang malawakang mapagalaw ang mga tao sa bayan-bayan at mahikayat ang publiko na isulong at protektahan ang espasyo ng lipunang sibil.

## Ano ang aking magagawa?

- Maging mapagmasid at paratingin sa tanggapan ng karapatang pantao ng UN ang inyong nalalaman tungkol sa inyong bansa:

**http://www.ohchr.org/EN/Countries/Pages/HumanRightsintheWorld.aspx**

- Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng OHCHR o kaya'y sa UN Country Team at ipagbigay-alam ang inyong nalalaman sa lipunang sibil sa tanggapan ng OHCHR Civil Society Section: **civilsociety@ohchr.org**
- Alamanin kung paano ninyo maipaparating at makikibahagi sa mga gawain ng opisina ng karapatang pantao:

**http://www.ohchr.org/Documents/Publications/NgoHandbook/ngohandbook4.pdf**

- Isumite ang inyong reklamo ayon sa sinasabi ng kasunduan para sa karapatang pantao at hilingin ang madaliang aksiyon:

**http://www.ohchr.org/Documents/Publications/FactSheet7Rev.2.pdf**

- Ipadala ang inyong reklamo sa Human Rights Council's Special
- Procedures:

**http://www.ohchr.org/EN/HRBodies/SP/Pages/Communications.aspx**

- Ipadala ang inyong reklamo sa Human Rights Council's Complaints Procedure:

**http://www.ohchr.org/EN/HRBodies/HRC/ComplaintProcedure/Pages/HRCComplaintProcedureIndex.aspx**

- Paratingin ang inyong mga impormasyon at karanasan na may kaugnayan sa espasyo ng lipunang sibil sa Human Rights Council:

**http://www.ohchr.org/Documents/HRBodies/HRCouncil/PracticalGuideNGO_en.pdf**

- Paratingin ang inyong impormasyon at mga karanasan na may kaugnayan sa espasyo ng lipunang sibil sa Human Rights Council's Universal Periodic Review sa inyong bansa:

**http://www.ohchr.org/EN/HRBodies/UPR/Documents/PracticalGuideCivilSociety.pdf**

- Magbigay ng detalye at mga napatunayang impormasyon tungkol sa sinasabing kaso ng panggigipit, intimidasyon, paghihiganti laban sa isang tao o grupo bilang pakikipagtulungan sa UN, sa kinatawan nito at sa mekanismo sa larangan upang maisama sa taunang ulat ng Secretary General. Ipadala sa: **reprisals@ohchr.org**
- Ipadala ang inyong nalalaman upang magamit sa thematic reports ng UN Secretary-General at ng High Commissioner for Human Rights.
- Ipadala ang inyong nalalaman upang magamit sa thematic and country reports of Special Procedures:

**http://www.ohchr.org/Documents/Publications/NgoHandbook/ngohandbook6.pdf**


- Magkaroon ng listahan ng e-mail ng Civil Society Section upang manatiling naiimpormahan sa mga Gawain at mekanismo ng karapatang pantao ng UN:

**http://www.ohchr.org/EN/AboutUs/Pages/CivilSociety.aspx**

## Pamamahala sa inaasahan

Kabilang sa mga pangunahing tungkulin ng estado ang pagsusulong at proteksiyon ng kalayaan sa pagpapahayag, asosasyon, mapayapang asembliya at karapatang lumahok sa pampublikong gampanin. Ang CSA kasama ang mekanismo ng karapatang pantao ng UN ay makatutulong sa bansa sa pagganap sa obligasyong ito. Ang pagtupad sa tungkuling ito na sagabal sa lipunang sibil ay batay sa mga patakaran, batas, na karaniwan nang nangangailangan ng mahabang panahon bago umiral, gayong nangyayari na ang pangguguIo, intimidasyon, at mga paghihiganti laban sa lipunang sibil na dapat bigyan ng dagliang atensiyon. Kaya importante na gamitin agad ang kaugnay na mekanismo na angkop sa alin mang kaso.

Ang kakayahan upang magkaroon ng positibong resulta ay nangangailangan ng tulungan na kadalasang para sa mobilisasyon ay mahalaga ang mga tumutulong: mga mamamayan ng lugar, iba pang mga kasapi ng lipunang sibil (lokal at pandaigdig), pambansang institusyon ng mga karapatang pantao, ang media, mga lingkod-bayan, politiko, ibang bansa, at ang komunidad na pangrehiyon at pandaigdig. Ang pakikipagbalikatan ng CSA sa UN Human Rights System ay paraan upang marami at mapalakas ang tinig para sa pagbabago. Isa itong element para sa epektibong panglahat na adbokasiya upang maisulong at maipagtanggol ang espasyo ng lipunang sibil.



# 6. Documentary resources

## United Nations Sources

Pakikitrabaho sa United Nations Human Rights Programme: A Handbook for Civil Society –

**http://www.ohchr.org/EN/AboutUs/CivilSociety/Documents/Handbook_en.pdf**

Paano masusundan ang United Nations Human Rights Recommendations - A Practical Guide for Civil Society –

**http://www.ohchr.org/Documents/AboutUs/CivilSociety/HowtoFollowUNHRRecommendations.pdf**

OHCHR Management Plan (2014-2017), Thematic Strategy on Widening the Democratic Space (pp. 72-83) -

**http://www2.ohchr.org/english/OHCHRreport2014_2017/OMP_Web_version/media/pdf/10_Democratic_space.pdf**

Declaration on Human Rights Defenders -

**http://www.ohchr.org/EN/Issues/SRHRDefenders/Pages/Declaration.aspx**

Summary of the Human Rights Council panel discussion on the importance of the promotion and protection of civil society space, A/HRC/27/33.

Human Rights Committee, General Comment No. 34, Article 19: Freedoms of opinion and expression, CCPR/C/GC/34.

An assessment of legislation relating to freedom of association, Report of the Special Rapporteur on the situation of human rights defenders, A/64/226.

A study on women human rights defenders, Report of the Special Rapporteur on the situation of human rights defenders, A/HRC/16/44.

Elements of a safe and enabling environment for human rights defenders, Report of the Special Rapporteur on the situation of human rights defenders, A/HRC/25/55.

Ability of associations to access financial resources, Report of the Special Rapporteur on the rights to freedom of peaceful assembly and of association, A/HRC/23/39.

Reports of the Secretary-General on cooperation with the United Nations, its representatives and mechanisms in the field of human rights (A/HRC/27/38, A/HRC/24/29, A/HRC/21/18, A/HRC/18/19, A/HRC/14/19)

Chapter 16, Engagement and Partnerships with Civil Society, OHCHR Manual on Human Rights Monitoring -

**http://www.ohchr.org/Documents/Publications/Chapter16-MHRM.pdf**

## Selected Civil Society and Other Sources

Checklist of principles and elements for national laws (International Centre for Not-for-Profit Law) -

**http://www.icnl.org/research/library/files/Transnational/checklisten.pdf**

Code of Good Practice for civil society participation modalities in decision-making processes, Council of Europe -

**http://www.coe.int/t/ngo/code_good_prac_en.asp**

Reprisals Handbook (International Service for Human Rights) -

**http://www.ishr.ch/news/reprisals-handbook**

Enabling Environment Index 2013 (CIVICUS) -

**http://www.civicus.org/downloads/2013EEI%20REPORT.pdf**

# 7. Makipag-ugnayan sa amin

Ang Civil Society Section ng OHCHR ay maaabot sa:

**civilsociety@ohchr.org**

Telephone: +41 (0) 22 917 9656

Makikita sa Civil Society e-mail broadcast system ang nasa panahong pangyayari gayon din ang lahat ng mandato at mekanismo para sa karapatangpantao kasama ang impormasyon para sa huling araw ng aplikasyon para sa pondo, grants, at fellowships.

Upang sumuskribi, bisitahin ang civil society webpage:

**http://www.ohchr.org/EN/AboutUs/Pages/CivilSociety.aspx**



Made of paper awarded the European Union Eco-label, reg.nr FI/11/1, supplied by UPM.

**Isang praktikal na gabay para sa lipunang sibil**

**ESPASYO NG LIPUNANG SIBIL AT ANG SISTEMA NG KARAPATANG PANTAO NG UNITED NATIONS**

**Office of the High Commissioner for Human Rights**
Palais des Nations
CH 1211 Geneva 10 – Switzerland
Telephone : +41 (0)22 917 90 00
Fax : +41 (0)22 917 90 08
www.ohchr.org

UNITED NATIONS

UNITED NATIONS HUMAN RIGHTS
OFFICE OF THE HIGH COMMISSIONER